SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUANIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-23 NG PEBRERO, 1998, LUNES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. NARCISO O. INFANTE | .......... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Heidi S. Ciriaco | ........... | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | .......... | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | . | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | ........... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | .......... | Kagawad |
| Kgg. Celestino B. Pamatmat | ....... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ........... | Kagawad |
| Kgg. Miguel M. Asinas | ........... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ....... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ......... | Kagawad |

KAPASIYAHANG BLG. 048-T'98

KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. PUNONG LALAWIGAN JOSE D. LINA, JR., SA PAMAMAGITAN NG KGG. KAG. MAGDALENO PALACOL, JR., TAGAPAMUNO-LUPON SA PANANALAPI NG SANGGUNIANG PANLALAWIGAN, NA MAIPAGKALOOB NA NG TULUYAN (DONATION) SA PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA ANG HALAGANG SAMPUNG MILYONG PISO (₱10M) NA INUTANG SA PAMAHALAANG PANLALAWIGAN KASAMA ANG TUBO NITO PARA SA PAGPAPAGAWA NG PAMILIHANG BAYAN.

SAPAGKA'T, matapat na layunin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na mapaglingkuran nang maayos ang mga mamamayan sa pamamagitan ng pagkakaroon ng maayos at sapat na mga kagamitan at pasilidad sa paglilingkod;

SAPAGKA'T, ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, ay nagkaroon ng pagkakautang sa pamahalaang panlalawigan ng halagang Sampung Milyong Piso para sa pagpapagawa ng bagong pamilihang bayan;

SAPAGKA'T, malaki ang pananagutan ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz sa kasalukuyan upang malutas ang mga suliraning kinakaharap nito para sa ibayong paglilingkod sa pamayanan;

SAPAGKA'T, walang sapat na kakayahan ang pamahalaang bayan upang mabayaran ang naturang halagang inutang nito sa pamahalaang panlalawigan;

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Louie C. de Leon, Celestino D. Pamatmat at Jeffrey A. Villaseñor at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na mapitagang hilingin sa Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr., sa pamamagitan ng Kgg. Kag. Magdaleno Palacol, Jr., Tagapamuno-Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Panlalawigan na maipagkaloob na sa pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna ang halagang ₱10M na inutang nito sa pamahalaang panlalawigan kasama ang tubo nito para sa pagpapagawa ng pamilihang bayan.

Rec'd. de 13 Marzo 1998

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr., Kgg. Kag. Magdaleno Palacol, Jr., Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, at Pambayang Pinuno sa Badyet, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

NARCISO O. INFANTE
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

3/13/98

**PINAGTIBAY:**

[redacted]
ENRIQUE R. BAUTISTA
Punong Bayan